

Komunikasyon – ang puso ng ligtas na operasyon

Oktober 2022



Larawan 1. Metro pang-agos handa na para sa pagkakaibrate

Isang walang karanasan na operaytor ay nagpapakita ng isang proseso na kinasasangkutan ng mga regular na paglilipat ng mga nasusunog na pantunaw. Ang bahagi ng operasyon ay isinara upang payagan ang isang teknikong taga-pagpapanatili na alisin ang isang metro ng pag-agos para sa pagkumpuni at pagkakaibrate sa shop. Nagpatuloy ang natitirang operasyon. Muling na-ikabit ang metro, at umalis sa lugar ang taong taga-pagpapanatili. Ipinapalagay ng operaytor na ito ay handa na para sa operasyon at sinimulan ang paglilipat ng pantunaw. Ang isang patigas (flange) ay hindi maayos na hinigpitan, at ang operaytor ay na-tilamsikan ng pantunaw. Ginamit niya ang dutsa pangkaligtasan at hindi siya nasugatan. Ang tumapon na pantunaw ay nalinis nang walang insidente.

Bakit nangyari ito? Marami sa mga sistemang pangkaligtasan ng proseso na ginagamit natin ngayon ay hindi pa nasa lugar. Ang Lockout-Tagout (LOTO) ay napaka-impormal at gumamit lamang ng mga tag kumpara sa mga kandado at tag. Walang sistema sa pahintulot ng trabaho o pormal na paraan ng komunikasyon para sa trabahong pagpapanatili.

Ang mas malalim na pagsusuri ay nagpapakita na ang operaytor ay maaaring sabik na maibalik ang proseso sa operasyon at hindi na-beripika na ang trabaho ay kumpleto na. Marahil ang tekniko ay nangangailangan ng isa pang gasket. Hindi nakipag-ugnayan ang teknikong taga-pagpapanatili sa operaytor tungkol sa lagay bago umalis sa lugar ng proseso. Ang kawalan ng tag sa pagbubukod na balbula sa pantunaw ay binigyang-kahulugan bilang 'kumpleto ang trabaho'.

Alam mo ba?

- Maraming mga sistemang pangkaligtasan na ginagamit natin ngayon ay resulta ng mga insidenteng naganap sa nakaraan. Ang mga ito ay nilayon upang maiwasan ang mga pagkakamaling iyon na maulit.
- Palaging mahalaga ang komunikasyon, ngunit higit pa kapag maraming grupo ng trabaho ang kasangkot. Habang dumarami ang mga grupo, tumataas din ang pangangailangan para sa pormal na komunikasyon.
- Maraming kumpanya ang gumagamit ng sistema nga permiso para sa trabaho para matiyak ang komunikasyon bago, habang, at pagkatapos ng inapubahang trabaho. Karaniwang kinabibilangan ito ng pagsusuri sa kaligtasan o panganib, inspeksyon sa lugar ng trabaho, at pag-apruba ng isang awtorisadong tao.
- Ang mga permiso sa trabaho ay hindi lamang isang pormalidad; ang mga ito ay isang kasangkapan upang matiyak na ang saklaw ng trabaho ay mahusay na tinukoy, alam ng lahat ng mga grupo kung ano ang gagawin, at ang anumang karagdagang mga permiso (LOTO, mainit na trabaho, o nakakulong na espasyo) ay ginagamit nang maayos. Nagbibigay din sila ng paraan upang ma-beripika na ang lahat ng mga aksyon ay maayos na nakumpleto at ang trabaho ay maaaring magpatuloy nang ligtas.
- Maaaring magbago ang saklaw ng trabaho habang umuusad ito. Mahalaga para sa lahat ng grupo na ipaalam ang mga pagbabago at suriin kung ligtas na ipagpatuloy ang trabaho. Ito ay maaaring mangahulugan ng pagtigil sa trabaho hanggang sa ito ay masuri, at ang isang binagong plano sa trabaho ay binuo at naaprubahan.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Bumuo ng isang mahusay na pag-unawa sa kung paano gumagana ang mga sistema ng permiso ng iyong kumpanya.
- Aktibong lumahok sa mga pagsusuri sa panganib para sa trabahong nangangailangan ng permiso. Maaaring ikaw lamang ang may alam tungkol sa isang partikular na sitwasyon o panganib.
- Alamin ang iyong tungkulin sa mga panahon ng hindi karaniwang gawain sa iyong lugar—unawain ang trabaho at kung ano ang kinakailangan upang maipagpatuloy ang normal na operasyon.
- Sundin ang plano sa trabaho para simulan muli ang proseso. Kung may mali, huminto at magtanong bago magpatuloy. Ang isang maliit na pagkaantala ay higit na mas mahalag kaysa sa isang insidente o muntik na mintis.
- Siguraduhin na ang lugar ay malinis sa mga dumi at kasangkapan sa trabaho upang ang proseso ay ligtas na mapatakbo. Ang mga materyales sa proseso o mga labi ng kagamitan ay wastong may label para sa pagtatapon.

Kung hindi ka sigurado kung handa na ang kagamitan pagkatapos ng pagpapanatili – MAGTANONG!!